| GRADES 1 to 10<br>DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ESP |
| | Teaching Dates and Time: | JULY 29 – AUGUST 2, 2024 (WEEK 1) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| LAYUNIN | | | | | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng mapanuring pag-iisip sa pagpapahayag at pagganap ng anumang gawain na may kinalaman sa sarili at sa pamilyang kinabibilangan | | | | |
| B. Pamantayan sa Pagaganap | Nakagagawa ng tamang pasya ayon sa dikta ng isip at loobin sa kung ano ang dapat at di-dapat | | | | |
| C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | Napapahalagahan ang katotohanan sa pamamagitan ng pamamagitan ng pagsusuri sa mga balitang napakinggan, patalastas na nabasa/narinig, napanood na programang pangtelebisyon at nabasa sa internet. (**EsP 5 PKP- Ia-27**)/ Pahina 26 ng 79<br>balitang napakinggan<br>- patalastas na nabasa / narinig<br>- napanood na programang pangtelebisyon<br>- nabasa sa internet | | | | |
| I. NILALAMAN | | Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking) | | | |
| KAGAMITANG PANTURO | | | | | |
| A. Sanggunian | | | | | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng Guro | | | | | |
| 2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral | | | | | |
| 3. Mga pahina sa Teksbuk | | | | | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource | | | | | |
| B. Iba pang Kagamitang Panturo | sagutang papel, kuwaderno, larawan ng dart board, ginupit na hugis puso | | | | |
| II. PAMAMARAAN | | | | | |
| A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin | Alamin Natin (Day 1)<br>. Ipabasa sa mga mag-aaral ang kwento na pinamagatang “Ang Balita ni Kuya Lito.” | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Ihanda ang mga mag-aaral sa pamantayan sa pagbasa. | | | | |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | **Sikaping maipadama sa mga mag-aaral ang kanilang mga mithiin sa buhay na kaya nilang gawin sa kanilang edad.** | | | | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Gamitin ang konsepto ng kontruktibismo kung saan gagamitin ng mga mag-aaral ang kanilang mga karanasan para masagot ang iyong mga tanong. | | | | |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | . Ipasagot sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na tanong:<br>a. Ano ang natutuhan mo sa kuwentong iyong binasa?<br>b. May pagkakataon bang hindi ka naniniwala sa balitang iyong narinig sa radio, nabasa sa pahayagan o sa internet? Ipaliwanag ang dahilan.<br>c. Paano mo masasabi na ikaw ay naagiging mapanuri sa mga balitang naririnig mo sa radyo, nababasa sa pahayagan o sa internet? Ipaliwanag.<br>d. Naranasan mo nab a na mali ang iyong pagkakainitindi sa balitang iyong narinig o nabasa? Magbigay ng halimbawa.<br><br>Kung ikaw ang bata sa kwento, susunod ka ba sa paalala ng iyong tatay ukol sa balita niyang napakinggan. Ipaliwanag. | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Pag-usapan ang kanilang mga kasagutan. Sa bahaging ito ng pagtatalaky, maging sensitibo sa kanilang mga kasagutan.<br><br>5. Maaari din na magdagdag ang guro ng kaniyang karanasan tungkol sa kwento. | | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasan (Tungo sa Formative Assessment)** | Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more | Isagawa Natin (Day 2)<br>Gawain 1<br>Makatutulong sa pagkilala ng mga mag-aaral ang Gawain 1 sa:<br>1. Isagawa Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral. Ipasulat sa loob ng kahon ang mga balitang kanilang napakinggan o nabasa. Isulat ito sa kahon ng Magandang Balita at Mapanghamong Balita.<br>Pag-usapan ang mga sagot. Upang matukoy ng mga mag-aaral kung ano ang kaibahan ng mga balita, ipaliwanag muna sa kanila ang kahulugan ng magandang balita at mapanghamong balita.<br>Ang magandang balita ay ulat ng mga positibong pangyayari tungkol sa ginagawa ng tao na inaakalang pananabikan o mabatid at mapaglibangan ng mambabasa, nakikinig o nanonood. Samantalang ang mapanghamong balita naman ay tungkol sa mga pangyayaring may karahasan, droga, sekswal na hindi angkop sa mga batang nanonood o nakikinig. | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | 2.Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang mga balitang tumatak sa knilang isipan noong nagdaang araw na masasabi nilang Magandang Balita o Mapanghamong Balita.<br><br>3. Upang mabuo ang pangungusap na nasa loob ng kahon, ang mga patlang na bahagi ay pupunan ng mga salitang nais sabihin ng mga mag-aaral.<br>Kung ang balita ay tungkol sa mga negatibong bagay, ang gagawin ko ay ______________________________ ________________ dahil naniniwala ako na ______________________________ _________.<br>Gawain 2<br><br>1. Patnubayan ang mga mag-aaral na maisasagawa ang Gawain 2 na Mini Prescon.<br>Ang Mini Prescon ay pagppulong na dinadaluhan ng mga sumusulat ng balita nagbabalita at manonood na magtatanong sa nagbabalita sa magiging epekto ng balita.<br>2. Pangkatin ang mag-aaral sa tatlo.<br>3. Bawat pangkat ay may pagtatanghal o palabas na gagawin batay sa sumusunod:<br>Pangkat 1- mg a tagapagbalita<br>-lahat ng mahuhusay sa pagsasalita ay magsasama-sama at pipili kung sino ang magiging anchor o tagapagbalita | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Pangkat 2- mga tagagawa ng script<br>-ang magagaling sa pagsulat ay susulat ng simpleng balita<br>Pangkat 3- tagasuri ng balita<br>-ang mga manonood na magsusuri ng balita at magtatanong sa magiging epekto nito.<br>4. Gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang Gawain.<br>5. Maglaan ng isang araw para sa Gawain 3. Matapos ang pagtatanghal ay alamin ang mga kasagutan sa mga katanungang nakapaloob sa Gawain 3 sa Kagamitan ng Mag-aaral.<br>Sa bahaging ito, kailangang magamit ang teoryang Social-Interactive Learning. Iparamdam sa mga mag-aaral na sila ay matututo sa pamamgitan ng pakikipagtalakayan sa knilang kapuwa mag-aaral. Hayaan silang magbalitaan. Huwag kalimutang bigyan sila ng mga pamamaraan kung papano nila gagawin ang talakayan na hindi makaiistorbo sa ibang sagot. | | | |
| **G. Paglalahat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | | Isapuso Natin (Day 3)<br>Sa pagkilala sa mga kayang magawa, mapapansin na madaling maisusulat ng mga mag-aaral ang kaya nilang gawin.<br>1. Ipagawa ang Isapuso Natin<br><br>2. Gagawa ang guro ng dart board. Dito ay ialalagay ng mag-aaral ang kaniyang sarili sa | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | pamamagitan ng paglalagay ng puso sa numero ng pagiging mapanuri niya bilang mag-aaral sa mga balitang narinig sa radio, nababasa sa pahayagan o sa internet.<br><br>3. Ipaskil ang dart board ng mapanuring mag-aaral sa isang bahagi ng dingding bilang lunsaran, pamantayan o paalaalang kaisipan sa klase. Sa gawaing tio, gabayan ang mga mag-aaral sa mga ipinaskil na Gawain sa pader ng silid-paaralan. Nilalayon nito na magkaroon ng pagbibigay-papuri at bukas na talakayan hinggil sa kanilang mga reaksyon sa mga bagay na sinusuri. Magkaroon ng talakayan sa mga sagot ng mga mag-aaral.<br><br>4. Bigyang-diin ang Tandaan Natin. Ipabasa ito sa mga mag-aaral nang may pang-unawa. Ipaliwanang nang mahusay ang mensahe nito upang lubos na maisapuso ito ng mga mag-aaral. | | |
| **H. Paglalapat ng Arallin** | | | | Isabuhay Natin (Day 4)<br>Ipagawa ang Isabuhay Natin sa Kagamitan ng Mag-aaral.<br>Ang bahaging ito ng talakayan ay dapat na pagpapalalim ng tinalakay na paksa.<br>Ipabigkas sa mag-aaral nang may lakas, sigla at may damdamin ang tulang pinamagatang “Mapanuri Ako.”<br>Huwag itong hayaang matapos sa pamamagitan ng pagbigkas ng tula ng mga | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | mag-aaral. Isakatuparan ang proseso upang maintindihan at maikintal sa kaisipan ng mga mag-aaral ang paksang tinalakay sa aralin. Bubuo ng sariling pangako ang mga mag-aaral tungkol sa pagiging mapanuri sa narinig na balita sa radio, nabasa sa pahayagan o sa internet. Ipasulat ito sa kuwaderno ng mag-aaral. Palabasin ang kahalagahan ng pagtitiwala sa sarili at kakayahan | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | | | | | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | | | | | |
| **III. Mga Tala** | | | | | |
| **IV. Pagninilay** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | | | | | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | | | | | |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |